DIKASTERIYA PARA SA PAGPAPALAGANAP NG MABUTING BALITA

Mensahe ng Kardinal na Katuwang ng Patnugot
Seksyon ng Paunang Ebanghelisasyon at mga Bagong Diyosesis
Dikasteriya para sa Pagpapalaganap ng Mabuting Balita
para sa Kawan ng Diyos sa Arkidiyosesis ng Osaka-Takamatsu

Minamahal na mga Kapatid sa Arkidiyosesis ng Osaka-Takamatsu,

Sa mahalagang okasyon ng pagluluklok sa Kanyang Kabunyian, Thomas Aquino Manyo Kardinal Maeda bilang Arsobispo ng bagong tatag na Arkidiyosesis ng Osaka-Takamatsu, nais kong tiyakin sa bawat isa sa inyo na kayong lahat ay nasa aking mga panalangin. Ang aking pag-asa ay ang pagsasanib ng Arkidiyosesis of Osaka at ng Diyosesis ng Takamatsu ay magbubunga ng masaganang kapakinabangan para sa kaligtasan ng mga kaluluwa, na lumikha ng isang malakas na sinerhiya sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng bawat isa.

Bagama't tunay ngang ang Simbahan sa Osaka at Simbahan sa Takamatsu ay nagtutulungan na sa loob ng maraming taon sa iba't ibang aspeto ng mga gawaing pastoral at personal na pakikipag-ugnayan, natural na asahan ang ilang pagkakaiba sa pagitan nila. Gayunpaman, naniniwala ako na ang mga pagkakaibang ito ay magsisilbi lamang upang ibayong palakasin ang ating bagong tatag na arkidiyosesis sa kanilang magkakaibang kayamanan.

Sa paglalakbay na ito tungo sa pagkakaisa, iminumungkahi ko ang Mahal na Birhen ng Santo Rosaryo - Santong Patron ng bagong tatag na arkidiyosesis - bilang isang huwaran para sa inyong lahat. Mapagpakumbaba siyang nakinig sa mga salita ng Arkanghel Gabriel at tinanggap ang banal na plano ng Diyos para sa kanyang buhay. Matiyaga niyang tiniis ang pagkapako sa krus ng kanyang Anak nang may hindi natitinag na pananampalataya. Noong araw ng Pentekostes, sumama siya sa mga Apostol sa pananalangin at tumanggap ng Banal na Espiritu sa tabi nila. Sa gayon, ang kanyang buhay ay nag-aalok sa atin ng tatlong mahahalagang susi sa pagiging tunay na tagasunod ng Panginoon: matamang pakikinig, matatag na pagtitiis sa panahon ng mga pagsubok, at taimtim na panalangin. Ito rin ay mga mahalagang elemento na bumubuo sa isang tunay na simbahang sinodal (naglalakad ng sama-sama).

Kapag nakikinig tayo nang may paggalang sa isa't isa, maririnig natin ang tinig ng Banal na Espiritu na ibinigay sa bawat miyembrong bumubuo sa katawang mistiko ni Kristo. Kapag nahaharap tayo sa mga hindi inaasahang hamon nang may pananampalataya, inihahanda tayo ng Diyos para sa ipinangakong kaluwalhatian ng Pagkabuhay na Mag-uli. Bilang karagdagan, kapag tayo ay nananalangin nang taimtim, tayo ay binibigyang kapangyarihan ng mga kaloob mula sa Banal na Espiritu. Sa katunayan, kung susundin natin ang halimbawa ng Mahal na Birhen at magdarasal ng Santo Rosaryo nang masigasig, ang inyong makalupang paglalakbay ay gagabayan nang walang pagkukulang patungo sa langit.

Bilang pagtatapos, ako ay nananalanging lagi kayong ingatan ng Mahal na Birheng Maria sa ilalim ng kanyang pag-aaruga, habang namamagitan sa inyo ang mga banal na martir ng bansang Hapon. Taos-pusong kong hinihiling ang pinakamabuting pagpapala ng Diyos sa bawat isa sa inyo.

Lubos na sumasainyo kay Kristo,
+Luis Antonio G. Cardinal Tagle
Mula sa Batikano, ika-27 ng Setyembre, 2023
+Fortunatus Nwachukwu Kalihim